Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagbabanghay ng Pandiwa

Kakayahan: Naibabanghay ang pandiwa upang mabuo ang pangungusap

Banghayin ang pawatas na pandiwa na nasa loob ng panaklong upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. **(manatili)** _____ muna tayo sa loob ng bahay hanggang lumipas ang malakas na bagyo.
2. **(ipakilala)** _____ kita sa aking mga kabarkada bukas.
3. **(magpatingin)** Si Lola Isabel ay _____ sa isang dalubhasa sa puso kahapon.
4. **(uminom)** Anong gamot ang _____ mo kapag masakit ang ulo mo?
5. **(itanong)** _____ ko lang kay Bettina ang *cellphone number* niya at ibinigay niya ito sa akin.
6. **(pirmahan)** _____ ko na kanina ang mga papeles na iniwan mo sa mesa ko.
7. **(gabayan)** Laging _____ ng mga magulang ang kanilang mga anak.
8. **(gamitin)** Ito ang mga sangkap na _____ ko mamayang gabi sa pagluto ng apritada.
9. **(bisitahin)** _____ ko lang kay Lolo Carding sa ospital. Mas maginhawa na raw ang pakiramdam niya.
10. **(magtawanan)** Ang magkakaibigan ay _____ habang ginugunita nila ang kanilang kabataan.
11. **(patulugin)** Aakyat na ako at _____ ko na ang sanggol.
12. **(makipagbiruan)** _____ si Alex kay Mary Ann habang sila'y nagcha-chat kagabi.
13. **(isampay)** Umuulan na? Naku, _____ ko lang ng mga damit ko sa labas!
14. **(matuwa)** _____ ako dahil sa wakas ay magkakasama na tayo!
15. **(magmadali)** _____ kaming umuwi dahil inakala namin ay babagsak ang malakas na ulan.

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagbabanghay ng Pandiwa (Mga Sagot)

Kakayahan: Naibabanghay ang pandiwa upang mabuo ang pangungusap

Banghayin ang pawatas na pandiwa na nasa loob ng panaklong upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. **(manatili)** ____Mananatili_____ muna tayo sa loob ng bahay hanggang lumipas ang malakas na bagyo.
2. **(ipakilala)** _____Ipakikilala_____ kita sa aking mga kabarkada bukas.
3. **(magpatingin)** Si Lola Isabel ay _____nagpatingin_____ sa isang dalubhasa sa puso kahapon.
4. **(uminom)** Anong gamot ang _____iniinom_____ mo kapag masakit ang ulo mo?
5. **(itanong)** _____Katatanong_____ ko lang kay Bettina ang *cellphone number* niya at ibinigay niya ito sa akin.
6. **(pirmahan)** _____Pinirmahan_____ ko na kanina ang mga papeles na iniwan mo sa mesa ko.
7. **(gabayan)** Laging ____ginagabayan____ ng mga magulang ang kanilang mga anak.
8. **(gamitin)** Ito ang mga sangkap na _____gagamitin_____ ko mamayang gabi sa pagluto ng apritada.
9. **(bisitahin)** _____Kabibisita_____ ko lang kay Lolo Carding sa ospital. Mas maginhawa na raw ang pakiramdam niya.
10. **(magtawanan)** Ang magkakaibigan ay _____nagtatawanan_____ habang ginugunita nila ang kanilang kabataan.
11. **(patulugin)** Aakyat na ako at _____patutulugin_____ ko na ang sanggol.
12. **(makipagbiruan)** _____nakipagbiruan_____ si Alex kay Mary Ann habang sila'y nagcha-chat kagabi.
13. **(isampay)** Umuulan na? Naku, _____kasasampay_____ ko lang ng mga damit ko sa labas!
14. **(matuwa)** ____Natutuwa____ ako dahil sa wakas ay magkakasama na tayo!
15. **(magmadali)** _____Nagmadali_____ kaming umuwi dahil inakala namin ay babagsak ang malakas na ulan.

© 2014 Pia Noche